

## Kanino ako makikipag-ugnayan kapag may mga alalahanin ako tungkol sa aking kaso na hindi mareresolba ng aking caseworker ng FVS?

Kung mayroon kang reklamo o alalahanin tungkol sa kung paano pinangangasiwaan ang iyong kaso, tawagan ang iyong supervisor ng caseworker ng FVS. Kung mayroon kang mga alalahanin na hindi pa rin nareresolba, tawagan ang Area Administrator.

- *Maaari ka ring tumawag sa Office of Constituent Relations (Tanggapan ng Mga Nauugnay na Nasasakupan) sa 800-723-4831 o 360-902-8060 para sa tulong anumang oras, o maaari kang tumawag sa Office of the Family and Children's Ombuds Office (Ombuds Office ng Tanggapan ng Pamilya at Mga Bata) sa 800-571-7321.*

  *Tumatanggap ang Ombuds Office ng mga alalahanin at reklamo tungkol sa mga gawain ng Department of Children, Youth and Families (Kagawaran ng Mga, Bata, Kabataan at Pamilya). May kapangyarihan silang mag-imbestiga ng mga alalahanin.*

Washington State Department of
CHILDREN, YOUTH & FAMILIES

DCYF 22-1751 TA (1/19) Tagalog

# MGA BOLUNTARYONG SERBISYONG PAMPAMILYA

## *Iniingatan ang Mga Bata Habang Pinapaigting ang mga Pamilya*



## Ano ang Family Voluntary Services (Mga Boluntaryong Serbisyong Pampamilya, FVS)?

Ang FVS ay isang programa na nagbibigay-daan sa mga magulang na pumiling lumahok sa mga serbisyo upang matugunan ang mga kinakailangan sa kaligtasan, kalusugan at kapakanan ng kanilang mga anak.

Ang layunin ng FVS ay ingatan ang mga bata at matugunan ang kanilang mga kinakailangan habang pinapaigting at pinananatiling sama-sama ang pamilya. Anumang oras, maaari mong piliing huminto na makipagtulungan sa FVS. Kung pinili mong ihinto ang mga serbisyo ng FVS, tatasahin ng Department of Children, Youth, and Families (Kagawan ng mga Bata, Kabataan, at Pamilya, DCYF) ang antas ng kaligtasan at peligro at magpapasya kung isasara ang kaso o magpa-file ng petisyon ng dependency.



## Ano ang dapat asahan sa iyong caseworker ng FVS

- Tratuhin ka at ang iyong mga anak nang may paggalang.
- Makipagtulungan sa iyo at gumawa ng plano para ingatan ang iyong mga anak at siguruhing nakukuha ng iyong mga anak ang kanilang mga pangangailangan.
- Mag-alok ng mga serbisyo na partikular sa iyo at sa iyong pamilya.
- Pribadong bisitahin ang mga bata sa iyong tahanan nang isa o dalawang beses sa isang buwan.
- Makipagkita sa iyo nang kahit isang beses man lang sa isang buwan sa iyong tahanan, nang may pasabi o walang pasabi para talakayin ang progreso at mga hadlang.
- Makipag-ugnayan sa mga tagapaglaan ng serbisyo, mga katuwang ng komunidad, kapamilya at mga kaibigan (nang may pahintulot mo) para makakuha ng pananaw tungkol sa progreso mo at iyong pamilya.
- Makipag-usap sa iyo tungkol sa karahasan sa tahanan at iba pang salik ng panganib sa iyong pamilya.
- Turuan ka tungkol sa kaligtasan ng sanggol kung naangkop ito.
- Magkumpleto ng pagtatasa at mag-alok ng mga serbisyong makakatulong kung sinususpetsang ang iyong anak ay komersyal na sekswal na pinagsasamantalahan.

## Ano ang inaasahan ng iyong caseworker ng FVS mula sa iyo

- Lumahok sa proseso ng pagtatasa at tumulong na gumawa ng plano para mapanatiling ligtas ang iyong mga anak.
- Sundin ang mga planong pangkaligtasan (kung mayroon man).
- Lumahok sa mga serbisyo para panatilihin ligtas ang iyong mga anak at mabawasan ang panganib ng pang-aabuso o kapabayaan.
- Pahintulutan ang caseworker ng FVS na pribadong makipagkita sa iyong mga anak.
- Regular na makipagkita sa caseworker ng FVS.
- Palaging ipaalam sa caseworker ng FVS ang anumang pagbabago sa iyong sitwasyon.
- Lagdaan ang mga pagbibigay ng impormasyon para sa iyo at sa iyong mga anak.
- Magalang na siguruhin na naiintindihan ng caseworker ang sitwasyon, pangangailangan, at kalagayan ng iyong pamilya.

## *Paano gumagana ang FVS?*

Maaaring ialok ang FVS kung sinisiyasat ng DCYF ang iyong pamilya para sa mga paratang ng pang-aabuso sa bata, pagpapabaya o mataas na panganib na pag-uugali at:

- May alalahanin para sa pang-aabuso o pagbabaya O
- May kasalukuyang alalahanin sa kaligtasan sa iyong anak.

Maaari ring humiling ang mga pamilya ng mga serbisyo ng FVS sa oras ng pangangailangan sa pamamagitan ng pagtawag sa DCYF.

